

## Ang mga bagong protokol ng mga pagsasara at muling pagbubukas ng mga beach ng lawa ng King County ay mas mapoprotektahan ang kalusugan ng publiko

Habang ang opisyal na pagsisimula ng tag-init ay isang buwan pa, ang King County ay nagsisimula nang subaybayan ang kalidad ng tubig [sa mga sikat na beach ng mga lawa](#). (may mga mapagkukunan sa iba't ibang wika) sa linggong ito. Ang taunang programang ito ay tumutulong na protektahan ang kalusugan ng publiko sa panahon ng paglangoy.

Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng pagsubaybay sa kalidad ng tubig sa mahigit dalawang dosenang beach mula kalagitnaan ng Mayo hanggang kalagitnaan ng Setyembre. Ang Departamento ng Likas na Yaman at mga Parke (Department of Natural Resources and Parks), ang Laboratoryo ng Kapaligiran ng King County (King County Environmental Lab), at mga lungsod sa buong county ay nakikipagtulungan sa Pampublikong Kalusugan (Public Health).

Ang mga siyentipikong pangkalikasan ay nangongolekta ng mga sample ng tubig mula sa bawat beach kada linggo sa buong panahon ng paglangoy. Sinusuri nila ang tubig para sa bakteryang. Sinisiyasat ng aming mga siyentipiko ang data para sa mga potensyal na panganib sa kalusugan ng publiko. Base sa mga resulta, isinasara o binubuksan namin ang mga beach upang panatilihin ang mga tao.

Naghahanap kami ng bakteryang nagpapahiwatig ng polusyon ng dumi. Ang “polusyon ng dumi” ay duming nakakahawa sa tubig at kadalasang nagmumula sa mga tao, alagang hayop, o ligaw na hayop tulad ng mga gansa. Ang dumi ay nagdadala ng mga mikrobyo na maaaring magdulot ng sakit sa mga tao kung maipasok nila ito sa kanilang mga bibig o hiwa sa kanilang balat.

Sa taong ito, binabago namin kung paano namin ginagawa ang mga desisyon sa pagsasara at muling pagbubukas ng mga beach. Ang mga pagbabagong ito ay naaayon sa pinakabagong siyensiya.

Kung lumalangoy ka sa mga beach ng King County, makikita mo ang mas madalas na pagpapaskil at pagtatanggal ng mga palatandaan ng pagsasara ng beach. Ngunit ang mga palatandaan ay malamang na magiging mas maikli. At sa pangkalahatan, inaasahan namin na ang mga beach ay bukas para sa halos parehong haba ng panahon gaya ng sa ilalim ng lumang protokol sa paggawa ng desisyon.

### Bakit ginawa ng Public Health ang pagbabagong ito?

Ang mga pamantayan na ginagamit namin upang isara at buksan muli ang mga beach ay batay sa mga lipas na ngayong siyentipikong alituntunin. Nagdulot din ito ng konserbatibong mga desisyon. Kinailangan ng maraming pagsusuri na nagpapakita ng mababang kalidad upang isara ang isang beach. Pagkatapos ay kailangan ng maraming pagsusuri na nagpapakita ng magandang kalidad ng tubig upang buksan ang isang beach.

Ang aming mga bagong pamantayan ay higit na nakabatay sa real-time na data ng kalidad ng tubig na nakukuha namin bawat linggo. Kaya kapag lumala ang kalidad ng tubig sa isang beach, mas mabilis itong magsasara. Kapag bumuti ang kalidad ng tubig, mas mabilis na magbubukas ang beach.

## Ano ang kahulugan nito para sa iyo?

Dahil ang mga beach ay maaaring agad-agad na magsara at muling magbukas, suriin ang aming [website ng Lake Beach](#) (may mga mapagkukunan sa iba't ibang wika) upang malaman kung bukas ang beach na nais mong bisitahin.

Lahat tayo ay maaaring tumulong na panatilihin ang tubig mula sa mga nakakapinsalang bakteryas:

- Huwag pakainin ang mga gansa at pato malapit sa beach --- ang pagpapakain sa mga ito ay nagiging sanhi ng kanilang pagtatae, na nagpapalala sa kalidad ng tubig.
- Laging mag-shower bago lumangoy.
- Siguraduhin na ang mga sanggol at maliliit na bata ay nakasuot ng de-kalidad na lampin na panlangoy (swim diapers).
- I-report ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng tubig sa inyong lokal na departamento ng parke.

## Manatiling ligtas habang lumalangoy

- Lumangoy sa mga lugar na may lifeguard.
- Sa panahong ito ng taon, ang tubig ay sapat na malamig na ang paglundag dito ay maaaring maging sanhi ng pagkabigla ng iyong katawan. Maaari itong maging sanhi ng pagkalunod at kamatayan—kahit na ikaw ay isang mahusay na manalangoy! Kung ikaw ay lumalangoy, naglalaro, o namamangka sa isang lawa o ilog, **magsuot ng lifejacket**—lalo na kung walang lifeguard.
- Gamitin ang mapa na ito upang [maghanap ng abot-kayang lifejacket na malapit sa iyo](#) (ang webpage na ito ay nasa Ingles lamang)
- Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa kaligtasan sa paglangoy, pumunta sa aming [mga webpage ng Kaligtasan sa Tubig](#) (ang webpage na ito ay nasa Ingles lamang).